


# QUARTER 3 WEEK 3

| LESSON EXEMPLAR IN EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO | |
|---|---|
| ***Baitang at Pangkat:*** | ***Guro:*** |
| ***Petsa:*** | ***Paaralan:*** |
| ***Week 3*** | |
| ***A. Pamantayang Pangnilalalman*** | Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng kamalayan sa karapatang pantao ng bata, pagkamasunurin tungo sa kaayusan at kapayapaan ng kapaligiran at ng bansang kinabibilangan. |
| ***B. Pamantayan sa Pagganap*** | Naisasagawa nang buong pagmamalaki ang pagiging mulat sa karapatan na maaaring tamasahin. |
| ***C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto*** | Nakapagpapahayag ng kabutihang dulot ng karapatang tinatamasa |
| ***D. Pinakamahalagang Kasanayan sa Pagkatuto (MELC)*** ***(Kung mayroon, isulat ang Pinakamahalagang Kasanayan sa Pagkatuto o MELC)*** | ***Nakapagpapahayag ng kabutihang dulot ng karapatang tinatamasa*** <br> ***EsP2PPP- IIIa-b – 8*** |
| ***E. Pagpapaganang Kasanayan (Kung mayron, Isulat ang pagpapaganang kasanayan))*** | |
| ***F. Pagpapayamang Kasanayan*** ***(Kung mayroon, Isulat ang pagpapayamang kasanayan)*** | |
| ***II. NILALAMAN*** | Karapatan ng Bata |
| ***III. KAGAMITAN PANTURO*** | MELC p.80 CG.p 26 |
| A. Mga Sanggunian | |
| 1. Mga Pahina sa Gabay ng Guro | |
| 2. Mga Pahina sa Kagamitang Pangmag-aaral | 166-173 |
| 3. Mga Pahina sa Teksbuk | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa Portal ng Learning Resource | |

| | |
|---|---|
| | |
| B. Listahan ng mga Kagamitang Panturo para sa mga Gawain sa Pagpapaunlad at Pakikipagpalihan | |
| ***IV. PAMAMARAAN*** | |
| A. PANIMULA<br><br>***Alamin*** | Sa araling  ito, matututunan mong ipahayag ang kabutihang dulot ng karapatang tinatamasa |
| ***Subukin*** | Pag-aralan ang mga larawan sa ibaba. Alin sa mga karapatang ito ang iyong nararanasan? Isulat ang letra ng iyong sagot sa kuwaderno.<br> |
| ***Balikan*** | Lagyan ng / ang patlang kung ang pangungusap ay nagpapahayag ng pagtamasa ng mga karapatan ng isang bata at X kung hindi.<br>____1. Si Kiko ay nanlilimos tuwing araw na walang pasok upang may pang-baon sa eskwela.<br>____2. Pinapakain ni Aling Beth ang kanyang anak ng masusustansyang pagkain.<br>____3. Tuwing kaarawan ni Nena ay binibilhan siya ng kanyang ama't ina ng bagong damit at sapatos.<br>____4. Pinatigil muna sa pag-aaral si Erick upang ang nakababata naman niyang kapatid ang makapag-aral.<br>____5. Kahit anong husay ni Gemma sa pagguhit ay hindi niya kinakitaan ng suporta ang kanyang mga magulang sa kanyang kakayahan. |
| B. Pagpapaunlad | Ang karapatan ay isang kakayahan ng isang tao o mamamayan isang bansa na magdesisyon at gumawa ng mga bagay na may kalayaan. Ang bawat bata ay |

<table>
<tr>
<td>Tuklasin</td>
<td>may karapatan bilang isang anak at mag-aaral. Karapatan mo na maranasan kung ano ang nararapat para sa iyo. Ang bawat bata ay may karapatang dapat igalang. Ito’y dapat tamasahin at maranasan nang may kasiyahan. Mahalagang malaman ang mga karapatang dapat maranasan at matamasa ng mga batang tulad mo. Narito ang mga halimbawa ng karapatan ng bawat bata.<br><br><br>10 Karapatan ng Bawat Batang Pilipino<br>1. Maisilang at magkaroon ng pangalan at nasyonalidad.<br>2. Magkaroon ng tahanan at pamilyang mag-aaruga sa akin.<br>3. Manirahan sa payapa at tahimik na lugar.<br>4. Magkaroon ng sapat na pagkain, malusog at aktibong katawan.<br>5. Mabigyan ng sapat na edukasyon.<br>6. Mapaunlad ang aking kakayahan.<br>7. Mabigyan ng pagkakataong makapaglaro at makapaglibang.<br>8. Mabigyan ng proteksyon laban sa pang-aabuso, panganib at karahasan.<br>9. Maipagtanggol at matulungan ng pamahalaan.<br>10. Makapagpahayag ng sariling pananaw.</td>
</tr>
<tr>
<td>Suriin</td>
<td>Anu-ano ang karapatan ng isang batang katulad mo?<br>Tinatamasa nyo rin ba ang mga karapatang ito?<br>Masaya k aba sa karapatang iyong tinatamasa? Bakit?</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pakikipagpalihan<br>Pagyamanin</td>
<td>A.<br>Punan ang patlang ng iyong mga karapatan ayon sa nakikita mo sa larawan. Gawin ito sa iyong kuwaderno.<br>1. Bilang bata, masaya ako kapag ako ay __________.<br><br>2. Karapatan kong magkaroon ng mabuting __________________.<br><br>3. Karapatan ko ring maramdaman ang ________________________.<br><br>4. Ipinaghahanda ako ng aking nanay ng ________.<br><br>5. Ang batang tulad ko ay may Karapatang ______________.<br></td>
</tr>
</table>

| | |
|---|---|
| | B.<br>Piliin mula sa listahan ang mga tinatamasa mo ngayon bilang isang bata. Kopyahin ang larawan ng bahay at isulat sa loob nito ang bilang ng mga karapatang masaya mong tinatamasa.<br><br>**1.** Nakakakain ng masustansyang pagkain.<br>**2.** May masaya at tahimik na tahanan<br>**3.** Nakakapag-aral<br>**4.** May magulong kapitbahay<br>**5.** Nakapagsusuot ng maayos na pananamit<br>**6.** Mabait na magulang at mga kapatid.<br><br>C. Sabihin kung ano ang iyong nararamdaman kapag ginagawa mo ang sinasabi sa pangungusap. Iguhit ang masayang mukha kapag masaya ka at malungkot na mukha kung hindi. Gawin ito sa inyong kuwaderno.<br>1. Namamasyal kasama ang buong pamilya.<br>2. Nag-aaral sumulat at magbasa.<br>3. Nagbibigay galang sa mga nakatatanda.<br>4. Bumibisita sa doktor kasama ang nanay kapag maysakit.<br>5. Naglalaro ako kasama ng aking mga kaibigan. |
| C. Paglalapat<br><br>*Paglalahat* | Sumulat ng isang maikling talata na nagpapahayag ng iyong kasiyahan para sa mga karapatang iyong tinatamasa. Gawin mo ito sa iyong kuwaderno.<br><br>Ang bawat bata ay may karapatang dapat igalang. Ito‟y dapat tamasahin ng may kasiyahan. |
| D. Pagtataya | Anong karapatan ang tinatamasa ni Kaloy? Isulat ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.<br>1. Siya ay nag-aaral sa ikalawang baitang.<br>A. Karapatang mag-aral<br>B. Karapatang mabuhay<br>C. Karapatang magsulat<br>2. Nagsisimba din siya tuwing Linggo.<br>A. Karapatan sa sariling relihiyon<br>B. Karapatang mag-aral<br>C. Karapatang mahalin<br>3. Sumasali siya sa paligsahan ng pag-awit.<br>A. Karapatang maging masaya |

| | |
|---|---|
| | B. Karapatang paunlarin ang kakayahan<br>C. Karapatang maglaro<br>4. Dinadala sya ng kanyang nanay sa doktor upang ipagamot.<br>A. Karapatang kumain<br>B. Karapatang matuto<br>C. Karapatang maging malusog<br>5. Masaya niyang ginagawa ang mga gawaing bahay na ibinigay ng guro.<br>A. Karapatang makag-aral<br>B. Karapatang magdasal<br>C. Karapatang maging malusog |
| ***V. PAGNINILAY***<br>***(Reflection on the type of Formative or Assessment Used for the Particular Lesson)*** | Kumpletuhin ang bawat pangungusap.<br><br>1. Ang natutuhan ko ngayon ay_______________________________________________<br>_______________________________________________________________<br><br>2. Nalaman kong______________________________________________________<br>3. Gusto ko pang malaman_______________________________________________ |